

Bacterial Wilt

- Biglaang pagkalanta ng halaman

Pagkontrol

- Panatilihin ang kalinisan ng taniman
- Iwasan ang pagpapatubig sa pamamagitan ng irigasyon
- Gumamit ng binhing matibay sa sakit



PAG-AANI AT PAGKATAPOS NG PAG-AANI

1. Anihin ang sariwang bunga 18 – 20 araw pagkatapos mamulaklak o kung ang bunga ay nasa hustong laki na at ang mga buto ay hindi pa magulang.
2. Paghiwa-hiwalayin ang mga inaning ampalaya ayon sa ganda at laki nito.
3. Ilimpake ng ayos ang mga bunga sa kahon o polyethylene bags. Lagyan ng butas ang lalagyan nito upang maiwasan ang pamamawis at maagang pagkabulok ng ampalaya.



AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro



dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph



(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473



www.ati.da.gov.ph/ati-4b



@atimimaropa



Ang ampalaya (*Momordica charantia*) ay kabilang sa pamilya na cucurbitaceae. Ito ay itinatanim para sa kanyang bunga, talbos, at sa sustansya maging sa medisinal nitong taglay. Ang demand sa merkado ng ampalaya ay tumataas kapag off-season. Sa 1,000 metro kwadrado na lupang taniman, ang ampalaya ay makakapagbigay ng kita na humigit kumulang na PHP 15,000.00 sa buong taniman nito.



MGA BENEPISYO NG AMPALAYA

Medisina

- nagtataglay ng pinaghalu-halong *flavonoids* at *alkaloids* na nagbibigay sa lapay (pancreas) na gumagawa ng maraming insulin na siyang mainam sa may diabetes
- *anti-oxidant*, *antibacterial* at *antipyretic*
- mataas sa bitamina tulad ng A, B, C, iron, folic acid, phosphorus at calcium

Pagkain

- inilalahok sa iba't-ibang lutuin tulad ng torta, pinakbet at ang talbos nito ay maaari rin gamitin sa salad

MGA ISINASAALANG-ALANG SA PAGTATANIM NG AMPALAYA

Kinakailangang Lupa at Klimatiko

Ang ampalaya ay nabubuhay sa kahit anong uri ng lupa. Gayunman, ang pinakamagandang uri at habi ng lupa sa ganitong halaman ay *sandy loam* at *clay loam*, at may mataas na organic matter na may antas na 6 – 6.7 pH. Kinakailangan din nito ng magandang drainage o labasan ng tubig.

Maaaring itanim ang ampalaya sa buong taon ngunit ang pinakamagandang buwan ng pagtatanim ay sa buwan ng Oktubre at Pebrero.

Pagbubungkal at Pagdadamo

Sungalin ang lupa makalipas ang 7 -10 araw pagkatanim upang makontrol ang damo. Matapos ang 15 – 20 araw pagkasungal, maglagay ng padalawang abono. Gamasan ang mga puno ng ampalaya upang maiwasan ang kompetisyon sa sustansya, tubig at sikat ng araw.



PANGANGALAGA SA HALAMAN

Ang halaman ay pangalagaan laban sa mga peste at sakit upang makasiguro ng magandang ani. Ang pinakamapanirang peste ng ampalaya ay ang **fruit fly** habang ang pinakamapinsala naman na sakit ay **bacterial wilt**. Kaya upang maiwasan ang mga sakit at peste, panatilihin ang kalinisan sa taniman.

Narito ang ilang katangian ng fruit fly at bacterial wilt at ang mga pamamaraan sa pagkontrol nito:

Fruit Fly (langaw)

- Tinuturok o idini-deposito ang itlog sa bunga ng ampalaya
- Hindi kumakain ng ampalaya



Pamamaraan o Pagkontrol sa Sira dulot ng Fruitfly

- *Bagging* o Pagbabalot ng ampalaya



⇒ Dyaryo (mabilis masira, maputla ang bunga)

⇒Plastik (nagpapawis, nakakabulok ng bunga)

⇒Net / *net guard* (matagal na pakikinabangan, walang epekto sa bunga)

7. Pagkatapos diligan kaagad ito ng tubig upang maiwasan ang pagkasunog ng mga dahon.

Paglalatag ng Abono

Panahon	Abono	Sukat
Bago maghanda ng lupang taniman	Natural na pataba (dumi ng hayop, vermicompost at iba pa)	10 –20 tonelada kada ektarya
Sa panahon ng pagtatanim	<i>Complete fertilizer</i> (14-14-14)	20 gramo o dalawang kutsara kada butas
Pagkalipas ng 3—4 linggo pagkatanim	<i>Urea</i>	Isang (1) kutsara kada halaman (Ulitin ito kada dalawang linggo pagkatapos na maglagay ng abono tabunan ng lupa na may kapal na anim (6) na sentimetro)

Pagpapatubig

Patubigan ang taniman kung kinakailangan lalo na sa panahon ng paglaki ng halaman at mainit ang panahon. Ang pagpapadaloy ng tubig sa tudling (*furrow irrigation*) ay pwede ring isagawa. Gumawa rin ng paagusan ng tubig (*irrigation*) upang maiwasang mababad ng matagal ang ampalaya sa tubig.

Pagbabawas sa Parte ng Halaman

Alisin lahat ng sanga isang metro mula sa ibabang bahagi ng halaman upang mabilis ang paglaki ng halaman at maging malalaki at may kalidad ang bunga nito. Ang mga pinutol na sanga ay maaari ring ibenta sa merkado.

Ang mataas na ani ay nakakamit sa panahon na malamig ang panahon dahil dito nabubuo ang maraming *fertilized* na bulaklak.

KULTURAL NA PAMAMAHALA NG AMPALAYA

Pagpili ng Binhi

Para sa mataas na ani at kita, pumili ng binhi na madaling ibagay sa lokal na kondisyon ng pagtatanim. Ang binhi ay dapat matibay sa mga peste at sakit, at ayon sa pangangailangan ng merkado. Ang dalawang uri ng binhi na makikita sa merkado ay ang Open Pollinated Variety (OPV) at Hybrid.

Paghahanda ng Lupa



Bago magtanim, kinakailangang nakahanda ng maayos ang lupang taniman. Upang madurog ng ayos at maging pantay ang lupa, araruhin ito at suyurin ng dalawang (2) beses na may pitong (7) araw na palugit.

Paghahanda ng Buto

1. Gupitin ng bahagya ng nailcutter o matalas na gunting ang pinakamatulis na bahagi ng buto.
2. Ibadad sa malinis na tubig sa loob ng 24 oras.
3. Matapos maibabad, mas mainam kung ibabalot muna ito sa mamasa-masang tela upang patubuin ng bahagya ang buto.
4. Ilagay ito sa malamig at madilim na lugar hanggang sa may lumabas na ugat.




Pagbabalag

Ang balag ay magsisilbing gabay sa gumagapang na halaman. Ito ay nagtataguyod ng magandang kalidad ng bunga at nagpapadali ng pangangasiwa sa taniman.



Gabay sa Pagbabalag

1. Pagkatapos ng ikalawang pag-aararo, gumawa ng balag na may distansya na 2.5 - 3.0 metro ang luwang at 1.5 – 2 metro ang taas. Ang haba ng balag ay depende sa luwang ng taniman.



2. Maghanda ng kawayan at poste. Itusok ang mga poste na may layo na tatlong (3) metro bawat isa.
3. Lagyan ng kawayan sa itaas nang pabalagbag at isang (1) tulos sa tabi ng punla na may habang 12 pulgada (inches).
4. Ikabit o itali ang kawad o nylon mula sa nakabalagbag na kawayan pababa sa tulos. Ito ay magsisilbing kayapan o gapangan ng ampalaya. Maaari ding gamitin ang lumang lambat na kayapan o gapangan ng ampalaya.

Pagtatanim

May dalawang uri ng pagtatanim ng ampalaya:

a) Direktang pagtatanim

Magtanim ng isang buto kada butas sa kamang taniman na may distansyang kalahating (0.5) metro bawat isa. (Kung hindi tumubo ang buto makalipas ang 15 araw, magtanim muli.)

b) Lipat Tanim

1. Gumamit ng seedling tray para sa pagpupunla ng ampalaya. Kung wala, maaari ding gumawa ng sariling kamang punlaan gamit ang kahoy na kwadrado at dahon ng saging.
2. Ihanda ang medya na gagamitin sa pamamagitan ng paghahalo ng isang parte ng lupa, isang parte ng inuling na ipa, compost o organikong pataba.



Paraan sa Paggawa ng Sariling Seedling Tray

1. Kumuha ng kahoy na kwadrado na magsisilbing kamang punlaan.
2. Kumuha ng dahon ng saging at putulin o gupitin ito nang may lapad na dalawang (2) pulgada.
3. Iporma ito pabilog at tusukan ng tingting ng walis ang magkabilang dulo nito upang hindi bumuka.
4. Ihilera ang mga binilog na dahon ng saging sa kahoy na kwadrado.



3. Magtanim ng isang buto kada butas at bahagyang tabunan.
4. Pagkalipas na tumubo ang mga buto, sanayin ito sa klima ng kamang pagtataniman sa pamamagitan ng bahagyang pagbabawas ng tubig at unti-unting pagbibilad sa araw.
5. Upang makakuha ng mas mataas na antas ng pagkabuhay, mainam kung sa hapon maglilipat-tanim dahil mas mataas ang halumigmig tuwing hapon.
6. Diligan ito ng paunang solusyon sa pamamagitan ng pagbabanaw ng isang kutsara na *urea* sa anim (6) na litrong tubig. Maaari ring magdiligan ng mga natural na pamamaraan sa pamamagitan ng pag-iisprey ng *vermitea* at mga binurong prutas at halaman na may sukat na dalawang kutsara sa kada isang litrong tubig.